County of San Diego

NICK MACCHIONE, FACHE
AGENCY DIRECTOR

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH SERVICES
3851 ROSECRANS STREET, MAIL STOP P-578
SAN DIEGO, CA 92110-3134
(619) 531-5800 • FAX (619) 542-4186

WILMA J. WOOTEN, M.D.
PUBLIC HEALTH OFFICER

KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN AT MGA ALINTUNTUNIN NG EMERHENSIYA

(Epektibo Marso10, 2020)

Alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California mga seksyon 101040, 120175, at 120175.5 (b) ang Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Diego (Opisyal ng Kalusugan) **AY NAG-UUTOS NG MGA SUMUSUNOD**:

Kaagad na epektibo, at ipinagpapatuloy hanggang Abril 30, 2020, ang mga sumusunod ay magiging epektibo para sa County ng San Diego (county):

1. Ang lahat ng mga tao ay dapat manatili sa kanilang tahanan o sa kanilang lugar ng residente, maliban sa mga empleyado o mga mamimili na bumibiyahe papunta at mula sa mga mahalagang mga establisiyimento o mga aktibidad tulad ng tinukoy sa seksyon 17a, sa ibaba, o upang makilahok sa isang indibidwal o pamilyang panlabas na aktibidad ayon sa pinahihintulutan ng Kautusan na ito.

2. Ang lahat ng pampubliko o pribadong "mga pagtitipon," tulad ng tinukoy sa seksyon 17b sa ibaba, ay ipinagbabawal.

3. Ang lahat ng mga establisiyimento na hindi tumutugon sa kahulugan ng mahalagang establisiyimento sa seksyon 17 ay tinutukoy sa Kautusang ito bilang "hindi mahalagang mga establisiyimento" at dapat at manatiling sarado para sa tagal ng Kautusang ito. Ang lahat ng mga mahalagang mga establisiyimento ay dapat sumunod sa mga kinakailangan ng Kautusang ito. Sa kabila ng naunang nabanggit, ang isang hindi mahalagang establisiyimento ay maaaring manatiling bukas kung ang mga empleyado nito at ang may-ari ay makapagbibigay ng kanilang mga serbisyo mula sa tahanan, kabilang ang telecommuting, nang walang direktang pakikipag-ugnay sa publiko.

4. Ang lahat ng pampubliko at pribadong mga paaralan, mga kolehiyo, at mga unibersidad ay hindi dapat magsagawa ng mga klase o ibang mga aktibidad sa paaralan kung saan nagtitipon ang mga estudyante sa kampus. Ang mga magulang ng menor de edad na mga bata ay dapat gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang mga nasabing mga bata ay hindi nakikilahok sa mga aktibidad na ipinagbabawal ng Kautusang ito.

5. Ang mga pangangalaga sa mga bata at mga tagapagbigay ng pangangalaga sa mga bata ay dapat magpatakbo sa ilalim ng mga sumusunod na mga kondisyon: i) ang pangangalaga sa bata ay dapat isinagawa sa isang matatag na grupo ng 10 o mas mababa ("matatag" ay nangangahulugang parehong 10 o mas mababa na mga bata ang nasa parehong gropo sa bawat araw); ii) ang mga bata ay hindi dapat nililipat mula sa isang grupo sa ibang grupo; iii) kung higit sa isang grupo ng mga kabataan ang inaalagaan sa isang pasilidad, ang bawat grupo ay kailangang nasa magkabilang silid; iv) ang mga grupo ay hindi dapat nakikihalubilo sa bawat isa; at v) ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa mga bata ay dapat manatili sa isang grupo ng mga bata; at vi) at mga empleyado ay dapat magsuot ng mga takip sa mukha sa tuwing naghahain ng pagkain sa pasilidad.

6. "hindi mahalagang mga empleyado," tulad ng tinukoy sa seksyon 17(d) sa ibaba, ay pinagbabawalan sa pagpasok sa anumang mga ospital o pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga. Ang lahat ng mahalagang mga empleyado na positibo sa COVID-19 positive o nagpapakita ng anumang potensiyal na mga palatandaan o sintomas ng COVID-19 ay mahigpit na pinagbabawalan na pumasok sa mga ospital o pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga. Sa kabila ng nabanggit, ang mga indibidwal na nangangailangan ng medikal na pangangalaga para sa COVID-19 o kaugnay na mga kondisyon ay maaaring maipasok sa mga ospital o iba pang medikal na mga pasilidad kung ang ospital o medikal na pasilidad ay nararapat para sa paggamot sa COVID-19 at may sapat na mga pag-iingat sa lugar upang maprotekthan ang kanilang mga pasyente, medikal na mga empleyado at at mga tauhan.

7. Ang mga ospital at mga tagapagbigay ng pangangalaga ay dapat gumawa ng mga hakbang upang panatilihin at unahin ang mga mapagkukunan, kabilang ang pag-antala sa mga hindi-gipit o elektibong mga operasyon o mga pamamaraan hangga't maaari.

8. Dapat iulat kaagad ng mga ospital, mga tagapagbigay ng pangangalaga, at komersyal na laboratoryo sa pagsusuri ang lahat ng mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19 sa Pampublikong Opisyal ng Kalusugan pagkatapos matanggap ang resulta.

9. Ang California Department of Public Health Face Covering Guidance na inilabas noong Abril 1, 2020, (makikita sa: https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Face-Coverings-Guidance.aspx), ay dapat sundin maliban sa nabanggit sa seksyon section 11, sa ibaba.

10. Ang lahat ng mga mahalagang mga establisiyimento na nagpapahintulot sa mga miyembro ng publiko na pumasok sa isang pasilidad ay dapat maghanda at mag-post nang hindi lalampas sa 12:00 a.m. ng Abril 7, 2020 ng "Social Distancing and Sanitation Protocol" sa form na nakalakip sa Kautusang ito (at makikita sa: https://www.sandiegocounty.gov/content/dam/sdc/hhsa/programs/phs/Epidemiology/covid19/SOCIAL_DISTANCING_AND_SANITATION_PROTOCOL_04022020_V1.pdf), o sa isang form na kinakailangan ng ibang entity ng pamahalaan na nangangailangan ng katulad na impormasyon, para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa county na bukas sa publiko. Ang Social Distancing and Sanitation Protocol ay dapat mailagay sa o malapit sa pasukan ng kaugnay na pasilidad

at dapat madaling makita ng publiko at ng mga empleyado. Ang isang kopya ng Social Distancing and Sanitation Protocol ay dapat na ibigay sa bawat empleyado na nagtratrabao sa pasilidad. Ang lahat ng mahalagang mga establisiyimento ay dapat magpapatupad sa Social Distancing and Sanitation Protocol at magbigay ng katibayan sa kanilang pagpapatupad nito sa sinumang awtoridad na nagpapatupad ng Kautusang ito, kapag hiniling. Ang Social Distancing and Sanitation Protocol ay dapat tinitiyak na ang lahat ng kinakailangang mga hakbang ay ipinapatupad at dapat kinikilala at hinihiling ang lahat ng mga hakbang na kailangan upang ipatupad ang social distancing at ipatupad ito sa bawat pasilidad upang matiyak ang social distancing o pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at kalinisan sa partikular na pasilidad na iyon. Kung ang mga hakbang na nakilala at naipatupad ay hindi epektibo sa pagpapanatili ng wastong pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at kalinisan, kailangang baguhin kaagad ng establisiyimento ang kanilang Social Distancing and Sanitation Protocols para masigurado ang wastong pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at kalinisan. Ang sinumang establisiyimento na bigong magpatupad ng social distancing at kalinisan ay dapat isara.

11. Epektibo sa 12:00 a.m. ng Huwebes, Abril 9, 2020, ang lahat ng mga empleyado na maaaring may pakikipag-ugnay sa publiko, sa alinmang restawran o ibang mahalagang establisiyimento na naghahanda ng pagkain, tindahan ng groseri, parmasya/tindahan ng gamot, convenience store o istasyon ng gas ay dapat magsuot ng isang panakip sa mukha tulad ng inilarawan ng California Department of Public Health Face Covering Guidance na isinangguni sa seksyon 9, sa taas. Epektibo 12:00 am ng Martes, Abril 14, 2020, lahat ng mga empleyado na maaaring may pakikipag-ugnay sa publiko sa mga banko, o pampublikong transportasyon, ay dapat magsuot ng isang panakip sa mukha tulad ng inilarawan sa California Department of Public Health Face Covering Guidance na isinangguni sa seksyon 9, sa taas. Ang mga may-ari ng mahalangang mga establisiyimento ay responsable sa pagtiyak ng pagsunod sa seksyong ito.

12. Ang lahat ng pampublikong mga parke at mga lugar ng libangan, kabilang ang pampublikong mga dagat, ay dapat sumunod sa seksyon 10, sa taas. Ang paradahan ng mga sasakyanan sa nasabing mga lugar ay dapat isara, at lahat ng nasabing pasilidad ay dapat bukas lamang sa miyembro ng publiko na nakatira malapit sa pasilidad. Dapat lamang na gamitin ang nasabing pasilidad sa paglalakad, pangangabayo o equestrian o pagsakay ng bisikleta. Ang publiko ay hindi dapat nagtitipon o nakikilahok sa aktibong mga aktibidad sa palakasan sa nasabing pasilidad. Ang paglangoy, surfing, paddle boarding, boating para sa layunin ng libangan, at ibang aktibidad sa libangan sa tubig ay ipinagbabawal sa publikong waterways at mga dagat. Ang lahat ng pampublikong mga parke at lugar ng libangan, kabilang ang pampublikong mga dagat, kung saan ang mga kinakailangan sa social distancing ay hindi mabisang naipapatupad ay dapat isara. Ang nabanggit ay hindi nagbabawal sa mga pampublikong empleyado na makilahok sa mga aktbidad sa pagpapanatili o sa kaligtasan nitong mga pasilidad.

13. Ang lahat ng mga mahalagang mga establisiyimento na nananatiling bukas alinsunod sa Kautusan ay dapat sumunod sa social distancing, dagdagan ang mga pamantayan sa kalinisan, at dapat gumawa ng bawat pagsisikap upang gamitin ang telecommuting para sa

kanilang mga empleyado. Dapat suspindihin ng mga establisiyimento ang anumang patakaran o pamamaraan na nangangailangan ng pagberipika sa doktor kung may sakit o ibang pag-apruba na kailangan kung lumiban sa trabaho.

14. Isang malakas na rekomendasyon ang inilabas sa lahat ng mga taong may edad na 65 taong gulang o mas matanda, na may talamak na nakatagong kondisyon, o may isang mahinang immune system na mag self-quarantine sa kanilang tahanan o ibang angkop na lugar.

15. Ang lahat ng mga taong dumating sa county mula sa internasyon na mga lokasyon na kinilala ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) Warning Level 2 or 3 Travel Advisory (makikita sa: https://wwwnc.cdc.gov/travel/notices) ay dapat isasailalim sa isang 14-araw na quarantine at pagsubaybay sa sarili sa bahay o ibang angkop na lugar.

16. Ang mga taong nasuri na may COVID-19, o malamang na may COVID-19, ay dapat sumunod sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan na pinamagatang: "Isolation of All Persons with or Likely to have COVID-19", o bilang kasunod na binago. Ang mga taong may malapit na pakikipag-ugnay sa isang taong may COVID-19, o malamang na may COVID-19, ay dapat sumunod sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan na pinamagatang: "Quarantine of Persons Exposed to COVID-19," o bilang kasunod na binago. Ang parehong mga kautusan ay makikita sa: https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/phs/community_epidemiology/dc/2019-nCoV/health-order.html. Kung ang isang mas tiyak na paghihiwalay o quarantine na utos ang inisyu sa isang tao, ang kautusan na iyon ay dapat sundin.

17. Para sa mga layuning ng Kautusang ito:
    a. "Mahalagang establisiyimento" ay anumang mga establisiyimento o aktibidad (o isang establisiyimento/aktibidad na gumagamit ng mga empleyado) na itinalaga ng Publikong Opisyal ng Kalusugan ng Estado o State Public Health Officer bilang "Essential Critical Infrastructure Workers" na nakalagay sa: https://covid19.ca.gov/img/EssentialCriticalInfrastructureWorkers.pdf) bilang ang listahan na iyon ay maaaring magbago paminsan-minsan, at isinangguni sa Executive Order N-33-20 na inisyu ng Gobernador ng Estado ng California. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang sumusunod na mga establisiyimento sa Food and Agriculture na sector ay isinaalang-alang bilang "groceries" o "ibang retail na nagbebenta ng mga pagkain at mga inumin": mga tindahan sa groseri, corner stores at convenience stores, tindahan ng mga alak na nagbebenta ng pagkain, farmer's markets, food banks, farm at produce stands, supermarkets, big box stores na nagbebenta ng mga groseri at mahalagang pangangailangan, o katulad na mga establisiyimento na nagbebenta ng pagkain hangga't ang tindahan ay may kaslukuyang pahintulot na may kaugnayan sa pagbebenta ng pagkain at/o mga inumin mula sa Department of Environmental Health ng County ng San Diego.
    b. "Pagtitipon" ay anumang kaganapan o pagpupulong na pinagsasama-sama ng mahigit sa isang tao sa isang silid o sa isang panloob o panlabas na lugar sa parehong oras,

kabilang ang mga tao sa madaming sasakyan sa isang lokasyon. Ang pagtitipon ay hindi kinabibilangan ng:

i. Ang pagtitipon na kinabibilangan lamang ng mga miyembro ng pamilya sa isang pamilya o sambahayan.
ii. Mga pagpapatakbo sa mga paliparan, pampublikong transportasyon o ibang mga lugar kung saan ang mga taong nakasakay ay nagagawang mag-social distancing.
iii. Mga pagpapatakbo sa mahalagang mga establisiyimento gaya ng nilinaw sa seksyon 17a sa taas at sa kung saan ang ibang mga kinakailangan na ipinahayag sa Kautusang ito ay sinunod.

c. "Pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga" ay isang pasilidad na naglilingkod sa mga matatanda na nangangailangan ng tulong sa kanilang pang-araw araw na aktibidad, kabilang ang isang bihasang pasilidad sa pangangalaga, at lisensyado ng California Department of Community Care and Licensing, o ng California Department of Public Health.
d. "Hindi mahalagang empleyado" ay mga empleyado, mga kontraktor, o mga miyembro ng publiko na hindi nagsasagawa ng paggamot, pagpapanatili, suporta o mga gawaing administratibo na kailangan sa misyon ng pangangalaga sa kalusugan ng pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga o ng ospital. Ang hindi mahalagang empleyado ay hindi kinabibilangan ng mga unang tumutugon o first responders, o ng mga empleyado ng Estado, pederal, o lokal na mga opisyal, mga imbestigador, o tauhang medikal na nagsasakatuparan ng mga tungkulin sa batas. Ang hindi mahalagang mga empleyado ay hindi kinabibilangan ng mga bisita sa mga ospital at pangmatagalang pasilidad sa pangangalaga na nabigyan ng pahintulot na pumasok ng direktor ng pasilidad, o ng designee, dahil sila ay pamilya o kaibigan na bumibisita sa isang residente na malapit ng matapos ang buhay o nasa katulad na sitwasyon, mga magulang o mga tagapag-alaga na bumibisita sa isang bata na pasyente, o dahil sa anumang ibang mga kalagayan na itiuring na angkop ng director ng pasilidad, o ng designee, at kung saan ang angkop na mga pag-iingat ng pasilidad na sumusunod sa pederal, estado, at lokal na publikong patnubay tungkol sa COVID-19 ay nasusunod.
e. "Social distancing o pagpapanatili sa pagitan mula sa kapwa-tao" ay ang pagpapanatili ng anim na talampakan na paghihiwalay mula sa ibang mga tao maliban sa miyembro ng sambahayan at medikal na mga tapagbigay alaga na may angkop personal protection equipment.

18. Ang Kautusan na ito ay inilabas bilang resulta ng deklarasyon ng World Health Organization sa ng isang pandaigdigang pandemya ng COVID-19 na sakit, na kilala rin bilang "novel coronavirus."

19. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa siyantipikong ebidensya tungkol sa pinakamabisang mga pamamaraan upang bagalan ang paghahatid ng nakakahawang mga sakit sa pangkalahatan at sa partikular ang COVID-19, pati na rin ang pinakamahusay na mga kasanayan na kasalukuyang kilala at ginagamit upang protektahan ang mahihinang miyembro ng publiko mula sa pag-iwas sa mga panganib ng malubhang sakit o kamatayan resulta ng pagkakalantad sa COVID-19. Ang edad, kondisyon, at kalusugan ng bawat

mahalagang bahagi ng populasyon ng county ay nalalagay nito sa panganib para sa malubhang komplikasyon sa kalusugan, kasama ang pagkamatay, mula sa COVID-19. Bagaman ang karamihan sa mga indibidwal na nahawaan ng COVID-19 ay hindi nagkakasakit nang malubha, ang mga taong may banayad na mga sintomas at asymptomatic o hindi nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 na mga indibidwal ay maaaring maglagay sa panganib sa ibang mahihinang miyembro ng lipunan—tulad ng mga matatanda, at yaong may mga nakatagong kalagayan sa kalusugan—sa malaking panganib.

20. Ang mga pagkilos na hinihiling ng Kautusang ito ay kinakailangan upang mabawasan ang numero ng mga indibidwal na malantad sa COVID-19, at sa gayon ay mabagal ang pagkalat ng COVID-19 sa county. Sa pamamagitan ng pagbawas ng pagkalat ng COVID-19, ang Kautusang ito ay nakakatulong upang mapanatili ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalaga sa kalusugan ng county at nagliligtas ng mga buhay.

21. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng sanggunian: a) ang Deklarasyon ng Local Health Emergency na inisyu ng Health Officer noong Pebrero 14, 2020; b) ang Proklamasyon ng Local Emergency na inisyu ng County Director of Emergency Services noong Pebrero 14, 2020; c) ang aksyon ng County Board of Supervisors upang patunayan at ipagpatuloy ang parehong lokal na emerhensya sa kalusugan at lokal na emerhensya noong Pebrero 19, 2020; d) ang Proklamasyon ng State of Emergency na inisyu ng Gobernador ng Estado ng California noong Marso 4, 2020; e) Ehekutibong Kautusan N-25-20 na inisyu ng Gobernador ng Estado ng California noong Marso 12, 2020 na nag-uutos na "Ang lahat ng mga residents ay dapat making sa anumang mga kautusan at gabay ng mga opisyal ng mga lokal na opisyal kalusugan ng estado at ng estado, kabilang ngunit hindi limitado sa pagpapataw ng mga hakbang sa social distancing, upang makontrol ang COVID-19"; f) Proklamasyon 9984 tungkol sa COVID-19 na inisyu ng Pangulo ng Estados Unidos noong Marso 11, 2020; g) Ehekutibong Kautusan N-33-20 na inisyu ng Gobernador ng Estado ng California noong Marso 19, 2020; h) ang "Interim Additional Guidance for Infection Prevention and Control for Patients with Suspected or Confirmed COVID-19 in Nursing Homes" na inisyu ng CDC; at i) patnubay sa COVID-19 na inisyu ng California Department of Public Health sa kabilang, ngunit hindi limitado sa Face Coverings Guidance na inisyu noong Abril 1, 2020.

22. Ang Kautusan na ito ay inisyu upang maiwasan ang mga pangyayari na madalas nagaganap sa mga pagtitipon na maaaring magpalala sa pagkalat ng COVID-19, tulad ng: 1) ang posibilidad na pagtaas ng pagtitipon na siyang nang-aakit sa mga tao mula sa isang malawak na lugar ng heigrapiya; 2) ang mas matagal na panahon kung saan ang malalaking bilang ng mga tao ay malapit; 3) ang kahirapan sa pagsubaybay sa pagkakalantad kung ang malalaking bilang ng mga tao ang dumalo sa isang kaganapan o nasa isang solong lokasyon; at 4) ang kawalan ng kakayahan upang matiyak na ang bawat mga tao ay sumusunod sa sapat na na mga kasanayan ng kalinisan.

23. Ang Kautusan na ito ay nangyari matapos ang paglabas ng mahalagang patnubay mula sa Opisyal ng Kalusugan, ng California Department of Public Health, ng CDC, at ng ibang publikong mga opisyal sa kalusugan sa buong Estados Unidos at sa buong mundo.

24. Alinsunod sa Health and Safety Code seksyon 120175.5 (b) ang lahat ng mga ahensya ng gobyerno sa county ay dapat magsagawa ng kinakailangang mga hakbang sa loob ng control ng entidad ng pamahalaan upang matiyak ang pagsunod sa Kautusang ito at upang maipakalat ang Kautusang ito sa mga lugar o mga lokasyon sa loob ng nasasakupan kung saan may mga pagtitipon na maaaring maganap.

25. Ang paglabag sa Kautusang ito ay napapailalim sa multa, pagkabilanggo, o pareho. (California Health and Safety Code seksyon 120295.)

26. Hangga't kinakailangan, ang Kautusan na ito ay maaaring ipatupad ng Sheriff o ga pinuno ng pulisya alinsunod sa Government Code na mga seksyon 26602 at 41601 at Health and Safety Code seksyon 101029.

27. Kapag nagkaroon na ng bisa ang Kautusang ito, ito ay papalit sa Amended Order of the Health Officer at Emergency Regulations na napetsahan noong Marso 27, 2020 at kasunod na addenda.

ITO AY INIUTOS:

Petsa: Abril 10, 2020

_____

Wilma J. Wooten, M.D., M.P.H.
Opisyal ng Pampublikong Kalusugan
County ng San Diego

MGA ALINTUNIN NG EMERHENSIYA

Bilang Direktor ng Serbisyo ng Emerhensiya para sa County ng San Diego, ako ay awtorisadong magsakatuparan ng mga alituntunin para sa proteksyo ng buhay at ari-arian alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 8634 at ng San Diego County Code seksyon 31.103. Ang mga sumusunod ay epektibo para sa durasyon ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan na inisyu sa itaas na nakasama nang buo sa naitukoy ditto.

> Ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ay magsasakatuparan bilang alintuntunin para sa proteksyon ng buhay at ari-arian.

Sinumang tao na lumabag o hindi sumunod o sadyang pinabayaan na sundin ang alintuntunin na ito ay mapapasailalim sa multa, pagkakulong o pareho. (Government Code seksyon 8665.)

Petsa: Abril 10, 2020

_____

Helen Robbins-Meyer
Hepe ng Opisyal na Administrador
Direktor ng Serbisyong Emerhensiya
County ng San Diego